▪ *Prepasyo ng Banal na Santatlo o ng Adbiyento**

## ANTIPONA SA KOMUNYON • *Ps 84:13*

**JERUSALEM,** surge et sta in excélso, et vide jucunditátem, quæ véniet tibi a Deo tuo.

**HERUSALEM,** tumindig ka't narito na ang ligayang sa Diyos mismo ang kaloob!

## PANALANGIN MATAPOS ANG KOMUNYON

**REPLETI** cibo spirituális alimóniæ, súpplices te, Dómine, deprecámur: ut, hujus participatióne mystérii, dóceas nos terréna despícere et amáre cœléstia. Per Dóminum.

**KAMING** mga binusog Mo ng makalangit na biayya, Panginoon, ay pakumbabang humihiling sa iyo: upang kaming mga nakinabang sa mga kaloob na ito, turuan mo kaming mahalin lamang ang mga makalangit na bagay. Alang-alang sa Anak Mo, si Hesukristong Panginoon namin...

*Maiksing Pagninilay*
*ni Reb. Pd. Francisco Javier Lasance*

*Ang Panalangin sa Misa ngayong Linggo ay halaw mula sa sigaw ni Juan Bautista sa ilang: "Ihanda ninyo ang daraanan ng Panginoon;" kaya naman, hilingin natin sa Diyos na ibuhos ang Kaniyang kaloob sa ating mga puso. Kaya ang paghahanda natin ay mula sa diwa ng pagbabalik-loob sa Kaniya at ang taimtim nating pagsunod sa kaniyang mga ipinag-uutos.*

*Sa Sulat ni Apostol San Pablo sa mga taga-Roma, ipinaliliwanag rito ang misyon ng Manunubos upang pagkaisahin ang lahat ng tao para sa Diyos, at ito ang ating Simbahan. Ang Ebanghelyo naman ngayong Linggo ay nagtuturo sa atin na ang pagka-Diyos ni Kristo ay laging inihahayag sa pamamagitan ng gawa kaysa sa salita.*

*Ang pagpapala naman nating dapat hingin sa Linggong ito ay matatagpuan sa Panalangin Matapos ang Komynyon: upang ang banal na tinapay na ito, ang banal na alala ng pagkamatay ng ating Panginoon, ay siya nawang alisin sa atin ang mga kasamaa't kasalanang nakapagpaparumi, at itaguyod tayo sa buhay na walang-hanggan.*



# IKALAWANG LINGGO NG ADBIYENTO

*Misa "Populus Sion"*

• *I cl.* • *Semidoble* • *Lila*

**Latin Mass Society of Cavite**
*Kilusan ng Misang Latin*
*sa Lalawigan ng Cavite*
**Comision Para sa Pagsasalin**

## PAMBUNGAD NA ANTIPONA • *Is 30:30*

**POPULUS** Sion, ecce, Dóminus véniet ad salvándas gentes: et audítam fáciet Dóminus glóriam vocis suæ in lætítia cordis vestri. — *Ps 79:2* Qui regis Israël, inténde: qui dedúcis, velut ovem, Joseph. *V.* Gloria Patri. Populus Sion.

**BAYAN** ng Sion, narito, darating ang Panginoon upang iligtas ang mga bansa! Iparirinig ng Panginoon ang luwalhati ng kaniyang tinig, isang kagalakan sa inyong mga puso. — *Salmo 79:2* Pakinggan mo, Pastol ng Israel, ikaw na gabay ng kawan ni Jacob! *V.* Luwalhati sa Ama. — Bayan ng Sion...

▪ *Hindi aawitin ang* Gloria in Excelsis Deo (Luwalhati sa Diyos)

## PANALANGIN SA MISA (KOLEKTA)

**EXCITA,** Dómine, corda nostra ad præparándas Unigéniti tui vias: ut, per ejus advéntum, purificátis tibi méntibus servíre mereámur: Qui tecum vivit et regnat...

**PASIGLAHIN** Mo nawa ang aming mga puso, Panginoon, bilang paghahanda sa pagtanggap namin sa iyong Bugtong na Anak, upang sa kaniyang pagdating, mapaglingkuran ka nawa namin nang may malinis na kalooban. Ikaw na nabubuhay at naghahari kasama ng Diyos Ama...

### SULAT • *Rom 15:4-13*

Pagbasa mula sa sulat ni Apostol San Pablo sa mga taga-Roma.

MGA KAPATID: Anumang nasa Kasulatan noon pang una ay nasulat sa ikatututo natin, upang sa pamamagitan ng pagtitiis at sa pagpapalakas ng loob mula sa kasulatan ay magkaroon tayo ng pag-asa. Ipagkaloob nawa ng Diyos, na siyang nagbibigay sa atin ng katatagan at lakas ng loob, na kayo'y mamuhay nang may pagkakaisa ayon kay Cristo Jesus, upang sa gayon, nagkakaisa kayong magpupuri sa Diyos at Ama ng ating Panginoong Jesu-Cristo. Kung paanong kayo'y malugod na tinanggap ni Cristo, tanggapin ninyo ang isa't isa upang mapapurihan ang Diyos. Sinasabi ko sa inyo, si Cristo'y naglingkod sa mga Judio upang patunayang ang Diyos ay tapat, at tumutupad sa mga pangako niya sa kanilang mga ninuno, at upang ang mga Hentil naman ay magpuri sa Diyos dahil sa kanyang habag. Tulad ng nasusulat, "*Kaya't sa gitna ng mga Hentil, ika'y aking pupurihin, At aawitan ko ang iyong pangalan.*" Sinabi rin, "*Magalak kayo mga Hentil, kasama ng kanyang bayan!*" At muling sinabi, "*Magpuri kayo sa Panginoon, kayong mga Hentil, lahat ng bansa ay magpuri sa kanya!*" Sinabi pa ni Isaias, "*May isisilang sa angkan ni Jesse, upang maghari sa mga Hentil; siya ang kanilang magiging pag-asa.*" * Puspusin nawa kayo ng Diyos na siyang bukal ng pag-asa, at nawa ay pagkalooban niya kayo ng kagalakan at kapayapaan sa pamamagitan ng inyong pananampalataya, upang mag-umapaw ang inyong pag-asa sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo. — *R.* **Salamat sa Diyos.**

### PANINGIT NA AWIT (GRADUAL) • *Ps 49:2-3, 5; Ps 121:1*

| | |
|---|---|
| **EX** Sion species decóris ejus: Deus manifésté véniet,<br>*V.* Congregáte illi sanctos ejus, qui ordinavérunt testaméntum ejus super sacrifícia. | **MULA** sa marilag na Sion, nahayag ang ating Diyos:<br>*V.* Magtipon ang lahat ng mga naglilingkod sa kaniya, silang mga nakipagtipan sa pamamagitan ng isang paghahain. |
| **Allelúia, allelúia.** *V.* Lætátus sum in his, quæ dicta sunt mihi: in domum Dómini íbimus. **Allelúia.** | **Aleluya, aleluya.** *V.* Nagalak ako nang sinabi nila sa akin: "Papasok tayo sa tahanan ng Panginoon." **Aleluya.** |

### EBANGHELYO • *Mt 11:2-10*

Ang pagpapatuloy ng Ebanghelyo ayon kay San Mateo.

NOONG PANAHONG IYON: Nakabilanggo na noon si Juan na Tagapagbautismo. Nabalitaan niya ang mga ginagawa ni Cristo kaya't nagsugo siya ng ilang mga alagad upang itanong, "Kayo po ba ang ipinangakong darating, o maghihintay pa kami ng iba?" Sumagot si Jesus, "Bumalik kayo kay Juan at sabihin ninyo sa kanya ang inyong naririnig at nakikita. Nakakakita ang mga bulag, nakakalakad ang mga pilay, gumagaling ang mga ketongin, nakakarinig ang mga bingi, muling nabubuhay ang mga patay, at ipinapangaral sa mga mahihirap ang Ebanghelyo. Pinagpala ang taong hindi nag-aalinlangan sa akin!" Nang paalis na ang mga alagad ni Juan, nagsalita si Jesus sa mga tao tungkol kay Juan, "Bakit kayo nagpunta sa ilang? Ano ang nais ninyong makita? Isa bang tambo na hinihipan ng hangin? Bakit kayo pumunta sa ilang? Para makita ang isang taong may mamahaling kasuotan? Ang mga nagdaramit ng ganyan ay nasa palasyo ng mga hari! Ano nga ba ang nais ninyong makita? Isang propeta? Oo, siya'y propeta. At sinasabi ko sa inyo, siya'y higit pa sa isang propeta. Sapagkat si Juan ang tinutukoy ng kasulatan, '*Ipadadala ko ang aking sugo na mauuna sa iyo; ihahanda niya ang iyong daraanan.*'" — *R.* **Pinupuri ka namin, Panginoong Jesucristo.**

▪ *May Credo o Sumasampalataya.*

### ANTIPONA SA PAG-AALAY • *Ps 84:7-8*

| | |
|---|---|
| **DEUS,** tu convérsus vivificábis nos, et plebs tua lætábitur in te: osténde nobis, Dómine, misericórdiam tuam, et salutáre tuum da nobis. | **O DIYOS,** ilingon Mo ang iyong mukha sa amin, at liligaya ang bayan mo. Ipakita mo sa amin ang iyong habag, Panginoon, at ipagkaloob mo sa amin ang Iyong kaligtasan. |

### PANALANGIN UKOL SA MGA ALAY

| | |
|---|---|
| **PLACARE,** quǽsumus, Dómine, humilitátis nostræ précibus et hóstiis: et, ubi nulla suppétunt suffrágia meritórum, tuis nobis succúrre præsídiis. Per Dominum. | **MALUBAG** nawa ang iyong kalooban, Panginoon, dito sa aming abang mga panalangin at alay: anuman ang kakulangan namin, ito sana'y lubusang mapunan ng iyong paglingap sa amin. Alang-alang sa Anak Mo, si Hesukristong Panginoon namin... |